**Kabataang Pilipino: Pag-asa o Problema ng Bayan?**

## 2. ANG PRESSURES IN LIFE

Ang pressures in life ng tao ay may pinanggalingan. Subalit upang maunawaan ito ng ating mga kabataan, kailangang balikan muna natin ang pasimula.

<u>Ang tao ay nilikha ng Diyos para sa Kanyang layunin</u>. Ang ibig sabihin nito ay may inihandang layunin o gawain ang Diyos para sa tao - ito *ay ang sambahin at paglingkuran ang Diyos.* Maliwanag sa isipan ng tao na ang pagsamba sa Diyos ay ang pagbibigay ng papuri sa mga kamangha-manghang katangian ng Diyos at sa Kanyang mga kahanga-hangang gawa; at ang paglilingkod sa Diyos ay ang pagsasakatuparan o pagsunod sa tatlong gawain na inutos Niya sa tao: 1) Maging mabunga at magparami para punuin ang mundo, 2) Lupigin ang lupa (bungkalin at pagyamanin), at 3) Pamahalaan ang mga isda, ibon at lahat ng uri ng mga hayop.

Likas sa tao na isapamuhay ang mga layuning ito ng Diyos; naging natural sa tao ang sumamba at maglingkod sa Diyos. Nauunawaan niya na ang pagsasagawa ng utos ng Diyos ang nakapagdudulot sa kanya ng kaligayahan at katagumpayan sa buhay.

**TIME OUT**

- Bakit nilikha ng Diyos ang tao?

  ______________________________________________

- Ano ang dalawang gawain na inihanda ng Diyos sa tao?

  ______________________________________________

- Sa bahagi ng paglilingkod, ano ang tatlong gawain na nakapaloob dito?

  ______________________________________________

  ______________________________________________

  ______________________________________________

**PAG-ISIPAN:**

| | |
|---|---|
| Ang aking Alam | Ang Pinagmulan ng Pressures sa Buhay ng Tao ay? |

| | |
|---|---|
| | Ako ay dapat maging matalino sa pagpili at susundin sa aking paligid dahil? |

**PAG-ARALAN:**




Basahin ang mga talata at sagutin ang mga tanong.

Genesis 2:1-20, 3:1-13
Pagkatapos likhain ng Diyos ang lahat ng bagay sa langit at sa lupa, nilikha naman Niya ang tao. Ito ay nilikha mula sa alabok, hiningahan Niya sa ilong at nagkaroon ng buhay.

Gumawa ang Panginoong Diyos ng isang halamanan sa Eden, at doon dinala ang taong Kanyang nilalang. Pinatubo Niya roon ang lahat ng uri ng punongkahoy na magagandang pagmasdan at masasarap ang bunga. Sa gitna ng halamanan ay naroon ang punongkahoy na nagbibigay-buhay, at gayundin ang punongkahoy na nagbibigay-kaalaman tungkol sa mabuti at masama.

Inilagay ng Panginoong Diyos ang tao sa halamanan ng Eden upang ito'y pagyamanin at pangalagaan. Sinabi Niya sa tao, "Makakain mo ang alinmang bungangkahoy sa halamanan, maliban sa bunga ng punongkahoy na nagbibigay ng kaalaman tungkol sa mabuti at masama. Huwag na huwag mong kakainin ang bungang iyon, sapagkat sa araw na kainin mo iyon ay mamamatay ka."

Ang ahas ang pinakatuso sa lahat ng hayop na nilikha ng Panginoong Diyos. Isang araw tinanong nito ang babae, "Totoo bang sinabi ng Diyos na huwag kayong kakain ng anumang bungangkahoy sa halamanan? Sumagot ang babae, "Maaari naming kainin ang anumang bunga sa halamanan, huwag lamang ang bunga ng puno na nasa gitna niyon. Sinabi ng Diyos na huwag naming kakainin o hihipuin man ang bunga nito; kung kami raw ay kakain nito, mamamatay kami."

Ngunit sinabi ng ahas, "Hindi totoo iyan, hindi kayo mamamatay! Sinabi lang iyan ng Diyos, sapagkat alam niyang kung kakain kayo ng bunga niyon ay makakaunawa kayo at magiging parang Diyos, malalaman ninyo ang mabuti at masama."

Ang punongkahoy ay napakaganda sa paningin ng babae at sa palagay niya'y masarap ang bunga nito. Naisip din niya na kahanga-hanga ang maging marunong, kaya't pumitas siya ng bunga at kumain nito. Binigyan niya ang kanyang asawa, at kumain din ito. Nagkaroon nga sila ng pagkaunawa matapos kumain. Noon nila nalamang sila'y hubad, kaya kumuha sila ng mga dahon ng igos, pinagtahi-tahi nila ang mga ito at ginawang panakip sa katawan.

Narinig nila Adan at Eba na naglalakad ang Diyos sa halamanan kaya sila ay nagtago. Tinawag sila ng Diyos at ipinaliwanag ni Adan ang dahilan ng kanilang pagtatago. Tinanong sila ng Diyos kung paano nilang nalaman na sila'y hubad. Tinanong rin Niya kung kinain nila ang bungang ipinagbabawal. Pinarusahan ng Diyos ang ahas, si Eba at si Adan. Iginawa Niya ng damit na yari sa balat ng hayop sina Adan at Eba at sila ay pinaalis sa hardin.

- Bakit inilagay ng Panginoong Diyos sina Adan at Eba sa hardin ng Eden?

  ______________________________________________

- Nang nilagay ang tao sa Hardin ng Eden, ano ang iniutos ng Diyos na huwag nilang gagawin?

  ______________________________________________

- Ano ang mangyayari sa tao kung susuwayin nila ang iniutos ng Diyos sa kanila?

  ______________________________________________

- Sino ang pinakatuso sa lahat ng hayop na nilikha ng Diyos? At ano ang kanyang sinabi sa tao?

  ______________________________________________

- Sino ang pinaniwalaan ni Eba't Adan?

  ______________________________________________

**PAG-USAPAN:**

Ang tao ay pinagkalooban ng Diyos ng kalayaang pumili o magdesisyon para sa kanyang sarili. Gayunpaman, ang kalayaang ito ay may kaakibat na parusa kung susuwayin ng tao ang kalooban ng Diyos. At sa pagpili ng tao (Adan at Eba) hindi sila nagtiwala sa Salita ng Diyos. Bagkus, ang kanilang pinaniwalaan ay ang kasinungalingan na sinabi ng ahas.

Matapos kainin ng tao ang ipinagbawal na prutas, siya ay namatay nang oras ding iyon - ang kamatayang spiritual – ang paghiwalay ng Espiritu ng Diyos sa tao. Ibig sabihin, nagdilim ang puso't isipan ng tao.

Bunga rin ng pagkahulog sa kasalanan ang paglabo ng pang-unawa ng tao patungkol sa kanyang kaligayahan na nakasasalay sa pagkakaroon ng tamang relasyon sa Diyos at sa pagsasapamuhay ng layunin na pinagkaloob sa kanya ng Diyos. Hinangad ng tao na palitan ang kaligayahan ng buhay sa mga bagay na labas sa kalooban ng Diyos o sa mga bagay na hindi kailanman makapagdudulot ng kasiyahan sa kanyang kaluluwa.

Ang tinatawag na pressures in life ay bunga ng pagkatalikod ng tao sa Diyos. Sa halip na sa Diyos hanapin ng tao ang kaligayahan at kuhulugan ng buhay, kung saan-saan siya bumabaling:

Sa pagpapatupad sa utos ng Diyos na maging mabunga, magparami at punuin ang mundo bilang mag-asawa, ang sexual pleasure na likas sa human activity na ito ang siya na lang hinahanap. Kaya ang teen-ager na walang pagpipigil sa sarili ay nabubuntis na, bunga ng paghihiwalay ng pleasure sa kalooban ng Diyos. Kapag hindi masumpungan ang pleasure galing sa sex dahil laging basted, o walang pambayad sa mga babaeng bayaran, na pre-pressure ang sarili na bumaling na lang sa paninigarilyo, pag-inom ng alak, pagdodroga, pagsusugal o pagbabarkada.

Sa pagpapatupad sa utos ng Diyos na bungkalin at pagyamanin ang lupa - na may kasamang pagbabanat ng buto, o pagtratrabaho - ang mabuti at matinong gawain kapag kulang ang suweldo ay madalas nasasamahan ng pangungupit o pangungurakot o papalitan ng pagnanakaw, pagbebenta ng illegal drugs o pag-aahente sa jueteng.

Sa pagpapatupad sa utos ng Diyos na pamahalaan ang mga ibon, isda at lahat ng hayop – na may kasamang pagtuturo at pagtre-training - ito ay napalitan ng pagnanasang manakop ng kapwa tao. Dahil sa kasalanan at sa sumpang ginawad ng Diyos sa lupa, naging mailap o mabangis ang mga ibon, isda at hayop sa lupa.

Kung icha-chart natin, magiging maliwanag ang mga naging epekto nang pagkahulog sa kasalanan ng tao.

| ***Original Man*** | ***Fallen Man*** |
|---|---|
| **Hangarin ang makadiyos na relasyon** | Hangarin ang pakikipagtalik |
| **Hangarin ang mabungang buhay** | Hangarin ang kayamanan |
| **Maglaan ng pamumuno** | Maghangad na siya ang sundin |
| **Sambahin ang Diyos** | Sambahin ang sarili |
| **Paglingkuran ang Diyos** | Paglingkuran ang sarili |

Maliwanag ang naging pagnanasa ng tao matapos siyang mahulog sa kasalanan; ito ay hindi na ang pagsunod sa kalooban ng Diyos, kundi pagsunod na sa pita ng kanyang laman, paghangad ng bawat makita at magustuhan, at ang sumikat at hangaan. Ang dati-rating makadiyos na kalikasan ng tao ay napalitan ng makasariling kalikasan.

Labing-walong taong gulang palang si Hanna ngunit maaga siyang namulat sa realidad at kahirapan ng buhay. Dahil sa kahirapan madalas siyang binubully ng kanyang mga kaklase pati na rin ng kanyang mga tinuturing na kaibigan sa kadahilanang hindi siya makabili ng bagong uniporme at mga gamit na kailangan sa kanyang pag-aaral. Madalas din siyang utusan ng mga ito. Halos araw-araw ay ganoon ang sitwasyon ni Marie. Kaya't siya ay nanliit sa kanyang sarili dahil wala siyang magawa sa kanyang kalagayan. Dahil sa nais ni Hanna na siya ay tanggapin ng kanyang mga kaklase siya ay namasukan bilang isang bayarang babae sa isang club dahil ito ay mabilisan siyang magkakapera. Ngunit bukod sa dignidad ni Hanna ang kapalit dito, siya rin ay natutong uminom at manigarilyo. Kumita nga si Hanna ng malaki at nabili niya lahat ng kanyang gusto at natanggap siya ng kanyang mga kaklase at tinuturing na kaibigan.

Sa iyong palagay, ang ginawa ba ni Hanna ay tunay na magbibigay kasiyahan sa kanya?

________________________________________

________________________________________

________________________________________



Matindi ang mga naging epekto ng pagkahulog sa kasalanan ng tao. Maliwanag na ang pressures in life ng tao maging kabataan o matanda ay dahil sa kasalanan na pagsunod sa pita ng kanyang laman, paghangad ng bawat makita at magustuhan, at ang sumikat at hangaan. Ang dati-rati'y makadiyos kalikasan ng tao ay napalitan ng makasariling kalikasan.

Kabataan, sino ang iyong pakikinggan at susundin? Piliin mong gawin ang tama, huwag ka na sanang magdala sa pressure na iyong nararanasan. Huwag nating kalimutan ang isang kasabihan sa Pilipinas. Habang may buhay, may Pag-asa.

**PAG-BULAYBULAYAN:**

1. Bakit hindi ka dapat magpadala sa mga pressures na nasa iyong paligid?

   ________________________________________

   ________________________________________

2. Paano mo gagamitin ang kalayaang ipinagkaloob ng Diyos sa iyo upang mahikayat ang mga kabataan na huwag magpadala sa pressures na nasa kanilang mga paligid?

   ________________________________________

   ________________________________________

| | |
|---|---|
| Natutuhan ko na | Ang Pinagmulan ng Pressures sa Buhay ng Tao ay? |
| | Ako ay dapat maging matalino sa pagpili at susundin sa aking paligid dahil? |

**Verse of the Day:**

Pinagpala ang taong nananatiling tapat sa kabila ng mga pagsubok; sapagkat matapos niyang malampasan ang pagsubok, tatanggap siya ng gantimpala ng buhay, na ipinangako ng Panginoon sa mga umiibig sa kanya. ***James 1:12***